

## One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

# **DALHIN SA AID CENTER MUNA ANG MGA SUGATAN AT MAY SAKIT**

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～ケガ人・病人は、まず救護所へ～

Kapag malala ang kalamidad, posible na marami ang mga mabibiktimang sugatan. Dahil dito ay biglaang magdadagsaan ang mga pasyente sa mga pagamutan at kapag lubhang marami na ang mga pasyente, malamang na magsara ang pagamutan. Sa ganoong pangyayari ay merong inihahanda ang pamahalaan tulad sa mga pampublikong pasilidad sa mga Elementary School, ang SAIGAJI IRYOU KYUUGO SHO o local medical aid center in time of disaster. Ang mga manggagamot, dentista at pharmacist ng bawa't distrito ang maglalaan ng serbisyo. Sa naturang medical aid center ay maaari ring limitado ang magiging kapasidad para sa mga pasyente at maaari ring magkulang o wala ang mga gamit na kakailanganin ng pasyente. Malamang na magdagsaan din ang mga pasyente kaya't ibabatay rin ang panggagamot ayon sa kalagayan ng pasyente at gagamitin din dito ang sistema sa triage, pagbibigay ng first-aid o pansamantalang aid hospital.

Upang di na tayo malito sa mga oras ng disaster ay kailangang ngayon pa lang ay tandaan na natin ang mga pasilidad na maaaring maglaan ng mga medical aid. Sa Aoi District ay mayroong 24 na lugar ng Elementary School, 3 lugar para sa Community Emergency Center, hospital for the elderly, 7 lugar para sa welfare institution for the elderly, at 6 na lugar para sa medical clinic sa mountain area.

Sa Suruga District ay mayroong 16 na lugar para sa Elementary School, 2 lugar para sa community emergency center, hospital for the elderly at 2 lugar para sa welfare institution for the elderly.

Samantala sa Shimizu District ay mayroong 25 na lugar para sa Elementary, Junior High at Senior High School.

Ukol sa mga lugar ng mga medical aid center ay mangyaring tunghayan sa link ng voice blog ng SAME (<http://www.voiceblog.jp/same>)

AOI District:

\*[http://www.city.shizuoka.jp/deps/hokeneisei/kyugosho\\_aoil.html](http://www.city.shizuoka.jp/deps/hokeneisei/kyugosho_aoil.html)

\*[http://www.city.shizuoka.jp/deps/hokeneisei/kyugosho\\_suruga.html](http://www.city.shizuoka.jp/deps/hokeneisei/kyugosho_suruga.html)

\*[http://www.city.shizuoka.jp/deps/hokeneisei/kyugosho\\_shimizu.html](http://www.city.shizuoka.jp/deps/hokeneisei/kyugosho_shimizu.html)